

Kumusta

Long-term Care Insurance



Ano ang Long-term Care Insurance?

Kasabay ng pagtanda ng mga mamamayan sa lipunan, dumadami ang bilang ng mga tao sa Japan na nangangailangan ng nursing care at lubos na nahihirapan ang mga pamilya na alagaan mismo ang kanilang mga family members na may edad na.

Layunin ng long-term care insurance program na mabawasan ang mga pag-aalala kaugnay sa pangangailangan ng nursing care at ang paglikha ng isang mutually supportive society kung saan nagkakaroon ng katiwasayan o peace of mind para sa mga nagbibigay ng nursing care at sa mga tumatanggap ng serbisyong ito.

Long-term Care Insurance

Pagtutulungan sa isa't-isa at pagpapalawak ng ating mga kaibigan



Siyudad ng Kawasaki

Mga nasasakop sa Long-Term Care Insurance

Ang mga residente ng siyudad ng Kawasaki na nasa 40 taong-gulang at pataas ay kailangang sumali sa Long-Term Care Insurance ng siyudad. (Na kung tawagin ay miyembro ng seguro ng siyudad ng Kawasaki.)

Mga miyembrong nasa 65 taong-gulang at pataas (Category 1 Member)

Ipapadala ng siyudad ng Kawasaki ang “Long-Term Care Insurance Membership Card” sa huling bahagi ng buwan bago ang buwan na kung kailan sasapit ang ika 65 taong-gulang na kaarawan. (Ang araw bago sumapit ang ika 65 taong-gulang na kaarawan ay itinuturing na araw na kung kailan naging 65 taong-gulang.)

Mga nasa 40 taong-gulang at pataas hanggang 64 taong-gulang (Category-2 miyembro ng seguro ng siyudad ng Kawasaki)

Tungkol sa “Long-Term Care Insurance Membership Card” ng mga miyembro ng seguro ng siyudad ng Kawasaki na nasa Category-2, ipagkakaloob lamang ito sa kaso ng mga miyembrong itinakda o nabigyan ng sertipikasyon para tumanggap ng nursing aid o suporta sanhi ng pagkakaroon ng specific diseases (16 uri ng sakit, tulad ng cerebrovascular disease, at iba pa) at kung may kahilingan sa pag-isyu nito.

Callouts:

- Nakasulat ang level o antas ng nursing care na naaprubahan
- Nakasulat ang petsa ng pag-apruba at expiration period ng certification.
- Nakasulat ang impormasyon kaugnay sa limitasyong ipapataw sa pagtanggap ng benepisyo sanhi ng hindi pagbayad ng insurance premiums sa itinakdang panahon at iba pa.
- Pakibasang mabuti ang mga bagay na dapat tandaan sa likurang bahagi ng dokumento
- Nakasulat ang sariling tirahan at pangalan
- Nakasulat ang maximum limit (points) para sa home service na maaaring gamitin sa isang buwan
- Nakasulat ang pangalan ng kompanya o Community Comprehensive Assistance Center na gagawa ng plano para sa serbisyo

(一)		(二)		(三)	
介護保険被保険者証 番号 被住所 フリガナ 氏名 生年月日 交付年月日 保険者番号並びに保険者の名称及び印 川崎市		要介護状態区分等 認定年月日 (事業対象者の場合は、基本チェックリスト実施日) 認定の有効期間 区分支給限度基準額 居宅サービス等 1月当たり サービスの種類 種類支給限度基準額 認定審査会の意見及びサービスの種類の指定	給付制限 内容 開始年月日 終了年月日 開始年月日 終了年月日 開始年月日 終了年月日 居宅介護支援事業者若しくは介護予防支援事業者及びその事業所の名称又は地域包括支援センターの名称 届出年月日 届出年月日 届出年月日 介護保険施設等 種類 名称 退所等年月日 種類 名称 退所等年月日	期間 開始年月日 終了年月日 開始年月日 終了年月日 開始年月日 終了年月日 届出年月日 届出年月日 届出年月日 年 月 日 年 月 日 年 月 日 年 月 日	

Special provision para sa mga papasok (lalagi) sa isang pasilidad na sakop ng nursing care insurance

Kapag ang miyembro ng seguro ng siyudad ng Kawasaki ay papasok (lalagi) sa isang pasilidad at iba pa, na nasa ibang munisipalidad na sakop ng nursing care insurance, ang address ay mananatili sa miyembro ng seguro ng siyudad ng Kawasaki at hindi sa munisipalidad ng nabanggit na pasilidad. (Special provision para sa pook ng tirahan)

Ingatan at itabi ang sariling Long-term Care Insurance Membership Card

Paalala: Pakitandaan ang sumusunod na mga punto ukol sa inyong long-term care insurance membership card:

-  Pagkatapos tanggapin ang sariling membership card, pakikumpirma kung tama ang impormasyong nasa loob nito. Kung sakaling may mali, ipaalam agad ito.
-  Pakitabi ang card sa isang ligtas na lugar na madaling hanapin para kung kinakailangan ay maipakita agad ito sa inyong service provider sa oras na mag-apply para sa nursing care/nursing assistance o di kaya'y sa paggamit ng card para tumanggap ng iba pang mga serbisyo.
-  Kung may anumang pagbabago sa impormasyong nakasulat sa inyong card, pakidala ang sariling membership card at isagawa ang notis o pagpapaalam sa siyudad sa loob ng 14 araw mula sa araw ng pagbabago.
-  Hindi maaring gamitin ang isang kopya ng inyong membership card. Ang orihinal lamang ang maaring gamitin kapag nag-aaplay para sa nursing care/nursing assistance at/o mga serbisyo.
-  Iwasan ang pagpapahiram ng sariling membership card o ang paghiram ng membership card ng ibang tao.
-  Sa oras na mawalan ng karapatan o eligibility ang isang miyembro sanhi ng paglipat patungo sa ibang siyudad o pagkamatay, kailangang isagawa ang isang notis o pagpapaalam at kailangan din na ibalik agad ang membership card.
-  Kung sakaling nawala ang inyong membership card o nasira ito o di kaya'y nadumihan ng husto kaya hindi na maaring gamitin, kailangang mag-apply uli para mabigyan ng panibagong card.

Para sa mga katanungan at pagpapaalam ukol sa Long-term Care Insurance Membership Card, sumangguni sa Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan o counter ng tagapangasiwa ng long-term care insurance sa District Health and Welfare Station (*Ang counter ng Pension and Insurance Division ng Kumin Center sa sangay ng Daishi at sangay ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.).

Ang pagkakaiba ng Long-term Care Insurance at Medical Health Insurance Membership Cards

Long-term Care Insurance Membership Card

Kailangang ibigay ang card na ito sa oras na mag-apply para sa nursing care/nursing assistance. Ang mga nabigyan ng authorization sa pagtanggap ng nursing care / nursing assistance ay kailangan din na magpakita ng membership card, kasabay ng Long-Term Care Insurance Copayment Certificate sa service provider upang tanggapin ang mga serbisyo base sa care plan, tulad ng long-term care, nursing o physical therapy services, sa sariling tahanan o sa isang pagamutan o institusyon.


Medical Health Insurance Membership Card

Kailangang ipakita ang sariling medical health insurance membership card sa service counter ng pagamutan o medical institution kung saan nais magpatingin o tumanggap ng medical services—tulad ng pagpapasuri, pagpapagamot/therapy o pagtanggap ng gamot—para sa sakit o pagkapinsala.

Long-term Care Insurance Premiums

Bilang patakaran, ang long-term care insurance premiums ay kailangang bayaran ng lahat ng nasa 40 taong-gulang o pataas; subalit iba ang paraan ng pagbayad para sa mga nasa 65 taong-gulang o pataas at sa mga nasa pagitan ng 40 at 64 taong-gulang. Ang long-term care insurance benefits ay kinukuha mula sa insurance premiums at public funds (tingnan ang larawan sa kanan); ang insurance premiums ng miyembrong nasa 65 taong-gulang o pataas ay sumasakop sa one-fourth ng lahat ng insurance benefits.

Financial Resources para sa Long-term Care Insurance Benefits



Insurance premiums ng mga miyembrong nasa 65 taong-gulang at pataas (Category 1 Member)

Ang insurance premiums para sa mga taong nasa 65 taong-gulang at pataas ay nahahati sa 19 na levels batay sa level ng kanilang municipal inhabitant tax (tingnan ang pahina 5 at 6).

Pinagpapasiyahan ng municipal government ang nabanggit na insurance premiums bawat tatlong taon pagkatapos isagawa ang pag-review sa financial plans nito na kinabibilangan ng long-term care insurance at base sa standards na itinakda ng pambansang pamahalaan.

Paano bayaran ang inyong Long-Term Care insurance premiums

Bilang patakaran, ang insurance premiums para sa mga miyembrong tumatanggap ng public pension ay binabawas mula sa kanilang pension (isang sistemang tinatawag na “special collection”). Subalit, hindi maaring ibawas agad ang premiums mula sa pension ng taong kailan lang ay umabot sa 65 taong-gulang o sa kasong kalilipat lang patungo sa siyudad ng Kawasaki. (Inaabot ng humigitkumulang sa walong buwan bago umpisahan ang nabanggit na pagbabawas.) Sa panahong ito, kailangang bayaran ang inyong insurance premiums sa pamamagitan ng ipinadalang mga invoices o sa pamamagitan ng account transfer (na tinatawag na “regular collection”).

Paalala: Kahit na ibinawas sa pension ang insurance premiums ng miyembro bago lumipat ito sa siyudad ng Kawasaki, ang automatic deductions ay ihihinto ng pansamantala sang-ayon sa pamamaraan o procedural grounds.

Pagbawas / Pagbigay ng exemption sa pagbayad ng Long-Term Care insurance premiums

Kung kayo ay nasa 65 taong-gulang at pataas at nahihirapang magbayad ng inyong long-term care insurance premiums sanhi ng isang kapahamakan, pagbaba ng kita at ibang pang kaugnay na dahilan, may insurance premium reduction/exemption programs na maaaring gamitin sa ilalim ng ilang kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa Pension and Insurance Division ng Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan, sa tagapangasiwa ng Insurance and Annuity service counter ng Kumin Center Branch Office (*Ang counter ng Pension and Insurance Division ng Kumin Center sa sangay ng Daishi at sangay ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.).

Kung nahuhuli kayo sa pagbayad ng inyong Long-Term Care insurance premiums

Hindi maaring ipagkaloob ang long-term care services kapag nahuhuli sa pagbayad ng long-term care insurance premiums ang isang miyembro ng walang sapat na dahilan.

Paalala:

* Kapag hindi ninyo nagawang bayaran ang inyong insurance premiums sa itinakdang deadline, padadalhan kayo ng isang notis o paalala. Kung hindi ninyo nagawang bayaran ito pagkatapos ng itinakdang due date na nakasulat sa notis, ipapataw ang extension fee base sa bilang ng araw na lumampas mula sa deadline hanggang sa petsang mabayaran ito.

* Kapag hindi nabayaran ang nursing care premiums, maaaring kumpiskahin nang legal ang inyong mga ari-arian (tulad ng inyong mga inipon o savings).

Insurance premiums ng mga miyembrong nasa pagitan ng 40 at 64 taong-gulang (Category 2 Members)

Ang mga miyembrong nasa pagitan ng 40 at 64 taong-gulang na kabilang ng medical health insurance ay nagbabayad ng kanilang long-term care insurance premiums kasabay ng kanilang medical insurance premiums. Ang halaga ng insurance premiums at ang paraan ng pagbayad ay magkaiba depende sa uri ng medical insurance na pinasukan nila. (Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa tanggapan ng health insurance association na pinasukan.)

Paano itinatakda ang premiums ng mga miyembro 65 taong-gulang at pataas

Mga miyembrong nasasakop	Income Level	Taunang Insurance Premiums	Tantiyang buwanang halaga
Ang kinauukulan ay tumatanggap ng public assistance o isang support benefit para sa mga Japanese war orphans na naiwan sa China. Ang aplikante ay isang old-age welfare annuity recipient at ang buong sambahayan ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax.	Level 1	¥22,540	¥1,878
Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax at ang total annual income* at taxable pensions ng aplikante noong nakaraang taon ay ¥800,000 o mas mababa pa.	Level 2	¥22,540	¥1,878
Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax, subalit ang aplikante ay hindi pumapailalim sa level 1 o 2 at ang total annual income* at taxable pensions ng aplikante noong nakaraang taon ay ¥1,200,000 o mas mababa pa.	Level 3	¥30,210	¥2,518
Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax, subalit ang aplikante ay hindi pumapailalim sa level 1, 2 o 3.	Level 4	¥52,990	¥4,416
Ang aplikante ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax, subalit nagbabayad ng nabanggit na buwis ang ibang miyembro ng sambahayan at ang kanyang total annual income* at taxable pensions noong nakaraang taon ay ¥800,000 o mas mababa pa.	Level 5	¥71,180	¥5,932
Ang aplikante ay exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax, subalit nagbabayad ng nabanggit na buwis ang ibang miyembro ng sambahayan at ang aplikante ay hindi pumapailalim sa level 5.	Level 6	¥79,090	¥6,591
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at wala pang ¥1,250,000 ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon.	Level 7	¥90,960	¥7,580
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥1,250,000 at ¥1,999,999.	Level 8	¥98,870	¥8,239
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥2,000,000 at ¥2,999,999.	Level 9	¥118,640	¥9,887
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥3,000,000 at ¥3,499,999.	Level 10	¥134,460	¥11,205
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥3,500,000 at ¥3,999,999.	Level 11	¥142,370	¥11,864
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥4,000,000 at ¥4,999,999.	Level 12	¥150,280	¥12,523
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥5,000,000 at ¥5,999,999.	Level 13	¥166,100	¥13,842
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥6,000,000 at ¥6,999,999.	Level 14	¥181,920	¥15,160
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥7,000,000 at ¥9,999,999.	Level 15	¥197,740	¥16,478
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥10,000,000 at ¥14,999,999.	Level 16	¥213,560	¥17,797
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥15,000,000 at ¥19,999,999.	Level 17	¥229,380	¥19,115
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa pagitan ng ¥20,000,000 at ¥29,999,999.	Level 18	¥245,200	¥20,433
Ang aplikante ay nagbabayad ng municipal inhabitant tax at ang kanyang kabuuang taunang kita* noong nakaraang taon ay nasa ¥30,000,000 o higit pa.	Level 19	¥261,020	¥21,752

Kumpara sa standard amount, ang inyong long-term care insurance premiums ay ang sumusunod:



* Sa pagdesisyon sa long-term care insurance premiums, gagamitin ang halagang binawas sa "special deduction kaugnay sa long-term at short-term transferred income" mula sa kabuuang halaga ng kita (No.13, Talata 1, Aritkulo 292 ng Local Tax Act). Bukod dito, kung ang indibidwal ay exempted sa pagbabayad ng buwis, ibabawas ang miscellaneous income kaugnay sa public pension at iba pa, at mula taong 2021, gagamitin ang halagang binawas sa halagang nakasaad sa kanan na may ☆ bilang tugon sa tax system reform.

*Ang standard amount ay "79,097 yen", at ang halaga ng taunang insurance premiums sa bawat level ay ang halagang nakuha sa pamamagitan ng pag-multiply ng standard

amount sa porsiyentong nakasaad sa kanan sa pahina 6, na ni-round down sa pinakamalapit na halagang mas mababa sa 10 yen.

☆ (Para sa mga nasa level 1 hanggang level 6)

① Kapag may income mula sa sahod at miscellaneous income kaugnay sa public pension at iba pa, kung saan ipapatupad ang adjustment deduction sa halaga ng income, ibabawas ang 100,000 yen pagkatapos idagdag ang halaga ng deduction sa halaga ng income mula sa sahod.

② Kapag hindi pumapailalim sa ① at may income mula sa sahod, ibabawas ang 100,000 yen sa halaga ng income mula sa sahod.

Pamamaraan sa paggamit ng Long-term Care Insurance

* Kung ang sarili o ang isang miyembro ng pamilya ay hindi makapag-apply mismo upang isagawa ang certification para sa mga nangangailangan ng care o assistance, maaring ipagawa ang pag-apply sa isang proxy o kahalili sa taggapan ng Community Comprehensive Assistance Center. Ang gastos para sa certification exam at primary care doctor's report ay babayaran ng siyudad, kaya walang dapat alalahanin ang pasyente sa gastos.

* Tungkol sa renewal o pagbabago: May expiration period ang ipinagkaloob na certification. Maaaring gawin ang renewal sa 60 araw bago sumapit ang expiration date. Tandaan lamang na hindi maaaring tanggapin ang long-term care benefit kapag lumampas na sa expiration date, kaya pakikumpirma ang sariling insurance membership card.

* Tungkol sa pagbabago sa kategorya: Kahit nasa loob ng validity period ang certification, maaaring gawin ang aplikasyon upang baguhin ang certification category kapag nagkaroon ng pagbabago sa sariling pisikal at mental na kalagayan.

Mga miyem-brong kailan-gan ng autho-rization para sa nursing care/ nursing assistance

Aplikasyon para sa nursing care/nursing assistance*



Isasagawa ng aplikante o miyembro ng pamilya nito ang aplikasyon sa Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan o counter ng tagapan-gasiwa ng long-term care insurance sa District Health and Welfare Station (*Ang counter ng Pension and Insurance Division ng Kumin Center sa sangay ng Daishi at sangay ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.).

Proseso sa pagbigay ng kapangyarihan o authorization para sa nursing care/nursing assistance*

Authorization interview at ang pahayag ng family doctor ukol sa pangkalahatang kalusugan



Isasagawa ng isang examiner ang interview upang alamin ang pisikal at mental na kalagayan ng aplikante. (Tinitingnan din ang pisikal na paggalaw ng aplikante.)

Resulta ng authorization interview

+ Komentaryo ng doktor

Hihilingin ng tanggapan ng city office sa family doctor ng aplikante na gumawa ng isang pahayag o statement ukol sa pangkalahatang kalagayan ng aplikante.

Nursing care authorization screening committee



Ang mga doktor at espesyalista sa health and welfare ang gagawa ng pagsusuri at pagdesisyon ukol sa level ng nursing care / nursing assistance na kinakailangan base sa resulta ng interview at paghatol ng doktor.

Resulta ng authorization

Nursing care level 5

Nursing care level 4

Nursing care level 3

Nursing care level 2

Nursing care level 1

Nursing assistance level 2

Nursing assistance level 1

Walang naaangkop

Para sa nabigyan ng authorization para sa nursing care levels 1–5

Maari ninyong gamitin ang nursing care services ng long-term care insurance.

May ihahandang care plan para sa inyo sa Home Nursing Care Support Center.

Para sa mga nakatanggap ng authorization para sa nursing assistance levels 1 o 2

Maaaring gamitin ang nursing care prevention / livelihood support service program ng long-term care insurance (pahina 16).

Isinasagawa sa Community Comprehensive Support Center at iba pa ang paglikha ng preventive care plan pati preventive care management.

Paggamit ng basic checklist upang alamin kung sino ang mga nasasakop

Binububuo ito ng 25 items ng simpleng katanungan ukol sa lagay ng sariling kabuhatan at iba pa. Lagyan ng checkmark ang livelihood functions na kinakailangan sa kabuhatan tulad na pisikal at mental na lakas at iba pa. (Isinasagawa sa Community Comprehensive Assistance Center.)

*Kung nais ng kinauukulan na gawin ang mga pamamaraan ukol sa pagdesisyon sa pagpasok sa programa, maaari din na gawin ang general checklist kahit na walang aplikasyon para sa certification.

Mga nasasakop sa Nursing Care Prevention / Livelihood Support Service Program (nasasakop sa programa)

Mga taong nagagawang mamuhay sa sarili o self-reliant (hindi nasasakop)

General Nursing Care Prevention Program (Pahina 16)

Para sa mga nasasakop ng programa base sa ginawang desisyon:


Maaaring gamitin ang nursing care prevention / livelihood support service program (pahina 16).

Isinasagawa ang preventive care management sa Community Comprehensive Support Center at iba pa.

Halaga o singil para sa Long-term Care Insurance Services

- Kailangang bayaran ang bahagi ng gastos, kung gagamitin ang Long-term Care Insurance Service. Sa ilalim ng copayment, 30%, ang bahaging dapat bayaran ng mga kumikita tulad ng active earners, 20% para sa mga kumikita nang lampas sa itinakdang halaga, at 10% para sa iba pa na hindi pumapailim sa mga nabanggit. Paalala: Tandaan lamang na hindi babayaran ng Long-term Care Insurance ang mga gastos na hindi nasasakop ng insurance benefits.
- Sa mga itinakda o nakatanggap ng certification para sa nursing care, isasagawa ang pag-isyu ng Long-term Care Insurance Copayment Ratio Certificate kung saan nakasulat ang copayment ratio na dapat bayaran ng user (10% - 30%). Kakailanganin na ng mga gumagamit ang kanilang long-term care insurance membership card at kanilang long-term care insurance copayment certificate upang magamit ang mga serbisyo.
- Ang expiration date para sa Long-term Care Insurance Copayment Ratio Certificate ay hanggang Hulyo 31. Para sa mga nakatanggap ng sertipikasyon para sa Long-term Care Insurance, ipapadala mula sa kalagitnaan ng Hulyo ang Long-term Care Insurance Copayment Ratio Certificate na balido mula sa Agosto 1 hanggang sa Hulyo 31 ng sumunod na taon.

Daloy ng pagdesisyon kaugnay sa copayment ng gagamit ng serbisyo



* Gayunpaman, 10% ang copayment o personal burden para sa Category 2 members (40 hanggang 64 taong-gulang), mga residenteng exempted sa pagbayad ng municipal inhabitant tax, at mga tumatanggap ng livelihood support.

* Ang "kabuuang halaga ng kita" ay ang halaga ng kita bago ibawas ang basic at personal deductions, pagkatapos ibawas ang deduction para sa public pension, employment income at iba pang kinakailangang gastos mula sa kita. Bukod pa rito, kinakalkula ito base sa halagang nakuha pagkatapos ibawas ang special deduction para sa long-term at short-term transferable income.

Maximum Limit para sa Long-term Care Insurance Services

Itinatag ang buwanang limitasyon sang-ayon sa nursing care level sa kaso ng paggamit ng home care service ng Long-term Care Insurance.

* Paalala: Kapag ginamit ang nursing care services ng sobra sa limitasyon, kailangang bayaran ng gumamit ng serbisyo ang bahaging lumampas sa itinakdang halaga ng benepisyonang maaring tanggapin.

• Para sa facility services at iba pa, ipinapatupad ang bukod na payment limitation amount.

Level ng Nursing Care na kailangan	Halaga ng buwanang limitasyon	Level ng Nursing Care na kailangan	Halaga ng buwanang limitasyon
Mga nasasakop sa programa	5,032 units (humigit-kumulang sa ¥60,000)	Nursing care level 2	19,705 units (humigit-kumulang sa ¥210,000)
Nursing assistance level 1		Nursing care level 3	27,048 units (humigit-kumulang sa ¥290,000)
Nursing assistance level 2	10,531 units (humigit-kumulang sa ¥120,000)	Nursing care level 4	30,938 units (humigit-kumulang sa ¥300,000)
Nursing care level 1	16,765 units (humigit-kumulang sa ¥180,000)	Nursing care level 5	36,217 units (humigit-kumulang sa ¥390,000)

Mga taong nakatanggap ng authorization para sa Nursing Care Levels 1–5, Nursing Assistance Level 1, 2.

Sa ilalim ng serbisyo ng long-term insurance, magkaiba ang nilalaman ng serbisyong maaaring gamitin para sa mga tumanggap ng nursing care certification at certification para sa pagtanggap ng suporta.



Serbisyo sa sariling tahanan

Home nursing care (home help service)

Nursing care levels 1-5

Bibisita ang isang home helper para magbigay ng physical care at/o tumulong sa mga gawaing bahay.

* Maaaring gamitin ng mga nasasakop sa Nursing Assistance Level 1, 2 ang nursing care prevention / livelihood support service program.

Home bathing service

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Ang isang sasakyan na may portable bath ay pupunta upang tumulong sa inyong pagpapaligo.

Home nursing

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Sa ilalim ng pag-uutos ng isang doktor, bibisita ang isang registered nurse upang isagawa ang paggamot at nursing services.

Home rehabilitation

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Bibisita ang isang physical therapist upang magbigay ng physical rehabilitation services.

Home medical advice

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Bibisita ang isang doktor, dentista o pharmacist sa inyong tahanan upang magbigay ng pag-uutos o pangangasiwa sa pagpapagamot.

Commuting nursing care (day service)

Nursing care levels 1-5

Upang mapanatili at mapabuti ang takbo o function ng kabuhatan, ipinagkakaloob sa Day Service Center ang nursing care services tulad ng suporta sa pagpapaligo, pagpapakain at iba pa pati physical rehabilitation.

* Maaaring gamitin ng mga nasasakop sa Nursing Assistance Level 1, 2 ang nursing care prevention / livelihood support service program.

Commuting rehabilitation (day care)

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

May physical therapist sa elderly nursing care health facility at iba pa ay nagbibigay ng physical rehabilitation services.

Short-term stay nursing care (short stay)

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Ang nursing care para sa araw-araw na pamumuhay at physical therapy ay ipinagkakaloob para sa panandaliang paglagi sa pagamutan o "short-term institutionalization" sa isang special nursing home ng mga taong may edad.

Short-term stay medical care (short stay)

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Ang nursing care at physical therapy ay ipinagkakaloob sa ilalim ng medical supervision at nursing para sa short-term institutionalization sa isang elderly nursing care health facility.



Serbisyo para sa welfare equipment / pagpapaayos ng bahay

Ipinagkakaloob ang suporta para makatayo sa sarili sa araw-araw na pamumuhay.

Pagpapahiram sa welfare equipment

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

- | | |
|--|--|
| ① Wheelchair | ⑧ Transport lift
(hindi kasali ang hoisting attachment) |
| ② Accessories para sa wheelchair
(electricpowered assist devices at iba pa) | ⑨ Handrail
(walang construction work na kailangan) |
| ③ Special beds (nursing care bed) | ⑩ Slope
(walang construction work na kailangan) |
| ④ Accessories para sa special beds
(side rails at iba pa) | ⑪ Walker |
| ⑤ Bedsore-prevention devices | ⑫ Walking aid |
| ⑥ Posture-adjusting devices | ⑬ Automatic excretion treatment device
(hindi kasali ang mga piyesang maaaring palitan) |
| ⑦ Motion-sensor device para sa pag-monitor sa
galaw ng mga matatandang may dementia | |

Bilang patakaran, ang welfare equipments mula sa ① hanggang ⑧ ay hindi maaaring gamitin ng mga nasasakop sa Nursing Assistance Level 1, 2 at Nursing Care Level 1.

Bilang patakaran, ang welfare equipment sa ⑬ ay hindi maaaring gamitin ng mga nasasakop sa Nursing Assistance Level 1, 2 at Nursing Care Level 1 hanggang 3.

● Tungkol sa copayment ng mga gagamit ng serbisyo

10% hanggang 30% mula sa rental expenses ang copayment na kailangang bayaran ng users.

May maximum payment o ceiling na ipinapatupad (tingnan ang pahina 9).

Magkaiba ang halaga depende sa uri ng welfare equipment at kompanya.

Pagbayad sa purchase cost ng natatanging welfare equipment

Nursing asst. levels 1 or 2


Nursing care levels 1-5

- | | |
|---|---|
| ① Sitting-position toilet seat | ⑤ Simpleng bathtub |
| ② Mga piyesang ng automatic excretion treatment
device na maaaring palitan | ⑥ Hoisting attachment ng transport lift |
| ③ Toilet timing predictive device | ⑦ Slope (walang construction work na kailangan) |
| ④ Bath aid equipment | ⑧ Walker |
| | ⑨ Walking aid |

● Tungkol sa copayment ng mga gagamit ng serbisyo

Ipinagkakaloob ang 70% - 90% copayment sa pagbili ng welfare equipment. Ang maximum payment o ceiling amount ay 100,000 yen. Maaaring gamitin ang Proxy Payment System.

Paalala: Maaari lamang gamitin o ipagkaloob ang benepisyong nabanggit kapag bibili sa itinakdang kompanya o establishment.



⑤

Pagbayad sa renovation o pagpapaayos ng bahay

Nursing asst. levels 1 or 2

Paalala: kailangang gawin muna ang aplikasyon bago umpisahan ang renovation work.

Nursing care levels 1-5

- ① Pagkabit ng handrails
- ② Pagtanggal sa mga steps o hakbang
- ③ Pagpalit sa materyales ng sahig o ibabaw na bahagi ng daanan upang mapigilan ang pagkadulas at mapadali ang paggalaw.
- ④ Pagpalit sa pintuan ng sliding door at iba pa
- ⑤ Pagpalit ng dating kubeta sa western-type toilet bowl at iba pa
- ⑥ Kinakailangang renovation sa bahay kasabay ng construction work sa ① hanggang ⑤ sa itaas.



● Tungkol sa copayment ng mga gagamit ng serbisyo

70% hanggang 90% mula sa gastos ng renovation ng bahay ang sasagutin ng sistema bilang copayment. Ang maximum payment o ceiling amount ay 200,000 yen. Maaaring gamitin ang Proxy Payment System.

Tungkol sa Proxy Payment System

Isinasagawa ang reimbursements sa paggamit ng long-term care insurance para sa welfare equipment o renovation ng bahay pagkatapos bayaran ang kabuuang halaga at matapos mag-apply para tumanggap ng insurance benefit reimbursement (70% hanggang 90% ng gastos). Subalit, sa pamamagitan ng Proxy Payment System, sa umpisa pa lang ay maaaring gamitin ang 10% hanggang 30% copayment, kung kaya mas napapagaan ang halagang babayaran nang pansamantala.

Tungkol sa paggamit ng long-term care insurance service kapag nagkaroon ng aksidente sa trapiko at iba pa (na kagagawan ng kabilang partido)

Kinakailangang magbigay ng abiso sa tanggapan ng Elderly / Disability Division sa Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan o sa tagapangasiwa sa counter ng Long-Term Care Authorization and Benefits sa tanggapan ng ng District Health & Welfare Station (*Ang counter ng tagapangasiwa ng Long-Term Care Authorization and Benefits sa District Health and Welfare Station sa Distrito ng Daishi at Distrito ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.) kung kayo ay gagamit ng Long-Term Care Insurance Service sanhi ng pagkakaroon ng aksidente sa trapiko at iba pa na kagagawan ng kabilang partido o third party.

< Mag-ingat sa mga panloloko o special scams! >

Dumadalas ang kaso ng mga panloloko o special scams (bank transfer scams) sa loob ng siyudad.

- Ito ay isang panloloko, kung binanggit ng kausap sa telepono ang salitang “cash card”.
- Pakilagay sa “voice mail” ang telepono sa bahay, upang iwasang sumagot nang direkta sa mga kahinahinalang tawag.



Community-Based Services

Ang community-based services ay tumutulong sa mga taong nangangailangan ng nursing care upang malayang mamuhay sa sariling kakayahan sa komunidad na kinabibilangan. Bilang patakaran, ang mga miyembro lamang ng seguro na nakatira sa siyudad ng Kawasaki ang maaring gumamit ng mga serbisyong ito.

Periodic rotational/continual home nursing

Nursing care levels 1-5

Ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagsagawa ng regular rounds sa araw at gabi, pati ang paminsan-minsan na pagbisita kung kinakailangan. Sa pagtutulongan ng long-term care at nursing care, isinasagawa ng helper ang suporta sa pagpapaligo, pagdumi at mula sa nursing staff ay ipagkakaloob ang suporta at iba pa para sa medical care at pagsusuri sa katawan.

Home nursing care sa gabi

Nursing care levels 1-5

Ang home nursing care services ay regular na isinasagawa sa gabi, pati nursing care visitation service sa pamamagitan ng notification system para sa oras ng emerhensiya at iba pa.

Community-based Day Care

Nursing care levels 1-5

Upang mapanatili at mapabuti ang takbo o function ng kabuhayan, ipinagkakaloob sa Day Service Center na may users na nasa 18 katao o pababa ang nursing care services tulad ng suporta sa pagpapaligo, pagpapakain at iba pa pati physical rehabilitation.

Commuting nursing care sa mga pasilidad para sa mga miyembrong may dementia

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Upang mapanatili at mapabuti ang takbo o function ng kabuhayan, ipinagkakaloob sa Day Service Center ang nursing care services tulad ng suporta sa pagpapaligo, pagpapakain at iba pa pati physical rehabilitation para sa mga users na may dementia na nasa stable na kondisyon.

Small-scale multifunctional home nursing care

Nursing asst. levels 1 or 2

Nursing care levels 1-5

Ito ay nakatuon sa mga users na pumupunta sa pasilidad at ipinagkakaloob ang kombinasyon ng serbisyo depende sa kondisyon at kahilingan ng nabanggit na users.

Nursing care/small-scale multifunctional home nursing care

Nursing care levels 1-5

Ipinagkakaloob ang isang flexible support depende sa pangangailangan ng users sa pamamagitan ng combined services ng nurse home visitation at small-scale multifunctional home care para sa mga users na may mataas na medical needs.

Communal nursing care para sa mga taong may dementia

Nursing asst. levels 2

Nursing care levels 1-5

Ipinagkakaloob ang nursing care services tulad ng suporta sa pagpapaligo, pagpapakain at iba pa pati physical rehabilitation para sa mga users na may dementia na nasa stable na kondisyon habang namumuhay nang magkasama sa isang maliit na grupo.

Nursing care para sa kabuhayan ng mga taong may edad na nasa community-based welfare nursing facilities

Nursing care levels 3-5

Ang nursing care services ay ipinagkakaloob sa small-scale special home for the elderly (na may kapasidad na hanggang 29 katao) para sa mga taong nangangailangan ng patuloy na pag-aalaga o nursing care sa araw-araw na pamumuhay at mga taong nahihirapang gawin ang araw-araw na gawain sa bahay.

* Ang mga may nursing care level 1 at 2 ay maaaring gamitin ang serbisyong ito kung may mga makatuwirang dahilan na nagpapahirap sa kanilang araw-araw na pamumuhay sa kanilang bahay.




Serbisyo sa pasilidad

Ang serbisyo sa pasilidad ay hinahati sa apat na uri depende sa klase ng nursing care na kinakailangan. Isinasagawa ang kontrata sa pamamagitan ng pagpili sa pasilidad na nais pasukan at pag-apply nang direkta. Bukod sa service fee sa paggamit ng pasilidad, may singil para sa pagkain, pagtira, paggamit sa hair salon, gastos para sa araw-araw na mga gamit at iba pa.

Welfare Nursing Home (special nursing homes para sa mga taong may edad)

Nursing care levels 3-5



Sa pasilidad na ito ay ipinagkakaloob ang serbisyo sa mga nangangailangan ng pag-aalaga o nursing care para sa araw-araw na pamumuhay. May suporta sa pagpapaligo, pagpapakain at iba pa pati physical rehabilitation, pangangasiwa sa kalusugan at pagtulong sa araw-araw na pamumuhay.

* Maaaring gamitin ito ng mga nasa Nursing Care Level 1, 2 kapag may sapat na dahilan kung saan nahihirapang itaguyod ang araw-araw na pamumuhay sa sariling tahanan.

Elderly Nursing Care Health Facility

Nursing care levels 1-5

Ito ang pasilidad para sa mga nasa rehabilitaion stage bago makabalik sa sariling tahanan, kung saan natapos na ang acute phase ng pagpapagamot at ang sakit ay nasa stable na kondisyon. Maaaring tumanggap ng nursing care, medical care management, physical rehabilitation at iba pang pagpapagamot na kinakailangan.

Nursing Care Medical Institution

Nursing care levels 1-5

Ito ang pasilidad para sa mga nangangailangan ng long-term medical treatment. Maaaring tumanggap ng nursing care, pangangasiwa habang nagpapagaling, medical care management, physical rehabilitation at iba pang pagpapagamot na kinakailangan. Isinasagawa din ang nursing care hanggang sa katapusan ng buhay at terminal care.

Nursing care para sa mga nakatira sa itinakdang pasilidad


(fee-based nursing home para sa mga taong may edad, care house, elderly nursing home at iba pa)

Bukod pa rito, ito ay isang pasilidad kung saan maaaring gamitin ang long-term care insurance.

May kaso din na maaari itong gamitin ng mga nasa Nursing Assistance Level 1, 2.

Ang nilalaman, singil at iba pa ay maaaring magkaiba depende sa pasilidad, kaya kailangang kumpirmahin muna sa bawat pasilidad.

Ang pagpasok sa elderly nursing home ay binabase sa mga kondisyon o hakbang na ipinapatupad kaya kailangang kumunsulta muna sa tanggapan ng Elderly / Disability Division sa Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan, Health & Welfare Station (*Ang counter ng tagapangasiwa ng suporta para sa mga taong may edad sa District Health and Welfare Station sa Distrito ng Daishi at Distrito ng Tajima ay lilipat sa Kawa-saki Ward Office sa Enero 6, 2025.).



Mga programa sa pagbawas ng service fee

High-Cost Nursing Care (Nursing Care Prevention) Service Benefit

Kapag ang halagang dapat sagutin ng user ay lumampas sa itinakdang halaga o upper limit para sa isang buwan, maaaring ipagkaloob ang "High-Cost Nursing Care (Nursing Care Prevention) Service Benefit" sa pamamagitan ng paggawa ng aplikasyon.

Ipapadala sa mga nasasakop ang isang notis para sa aplikasyon.

* Hindi nasasakop ang (Nursing Care Prevention) gastos sa pagbili ng welfare equipment / (Nursing Care Prevention) copayment amount para sa pagpapaayos ng bahay.

High-Cost Medical and Nursing Care (Nursing Care Prevention) Service Benefit

Kapag ang kabuuang halaga na dapat bayaran ng user para sa 1 taong gastos sa medical insurance at long-term care insurance ay lumampas sa itinakdang upper limit o ceiling, maaaring ipagkaloob ang "High-Cost Medical / Nursing Care (Nursing Care Prevention) Combined Service Benefit" sa pamamagitan ng paggawa ng aplikasyon.

Ipapadala sa mga nasasakop ang isang notis para sa aplikasyon.

Ang aplikasyon ay isinasagawa bawat Hulyo 31 sa insurer ng medical insurance kung saan nagging miyembro, na magsibiling counter para sa aplikasyon.

Nursing care service benefit para sa mga itinakdang taong nakapasok sa pasilidad

Ang limitasyon o ceiling para sa personally borne expenses o bahaging dapat bayaran ng mismong gumamit ng serbisyo ay itinakda upang maiwasan ang bigat sa gastos sa mga gumagamit ng serbisyo na may kita ari-arian na mas mababa sa itinakdang level. Sa pagsagawa ng aplikasyon, ang gastusin para sa pamumuhay at gastos sa pagkain ng mga gumagamit ng pasilidad ay nababawasan sang-ayon sa level ng kanilang kita.

Pangkalahatang-ideya ng payment reduction system sa gastos ng social welfare corporation

Ang mga indibidwal na ang kita at pag-aari ay mas mababa sa itinakdang level, at nagnanais na gumamit ng mga serbisyong iniaalok ng mga social welfare corporations, ay karapat-dapat para sa pinababang halaga ng serbisyo, pabahay, at gastos sa pagkain sa pamamagitan ng pag-aaplay para sa pagpapababa o pagbabawas sa halaga ng mga ito.

Tungkol sa burden reduction system sa mga gagamit ng serbisyo sa communal nursing care para sa mga taong may dementia

ng mga indibidwal na ang kita at pag-aari ay mas mababa sa itinakdang level, at gumagamit ng serbisyo sa communal nursing care para sa mga taong may dementia (group home) at tumupad sa mga kondisyon, makakatanggap ng pagbabawas para sa gastos sa pag-upa ng bahay, pagkain at utilities kung gagawin ang aplikasyon.

Iba pang Reduction Programs para sa Personally Borne Expenses

- Ang lungsod ng Kawasaki ay mayroong sariling sistema para sa pagbabawas ng halaga ng serbisyo, pabahay, at gastos sa pagkain para sa mga indibidwal na ang kita at pag-aari ay mas mababa sa itinakdang level na nais gumamit ng mga serbisyo.
- May iba pang mga fee reduction programs sa paggamit ng mga serbisyo maliban sa nabanggit sa itaas. Sumangu-ni sa Elderly and Disability Division sa Ward Office ng inyong lokalidad, o sa counter ng Long-Term Care Authorization and Benefits sa tanggapan ng District Health and Welfare Station (*Ang counter ng tagapangasiwa ng Long-Term Care Authorization and Benefits sa District Health and Welfare Station sa Distrito ng Daishi at Distrito ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.) para sa karagdagang impormasyon.

Serbisyo para sa Nursing Assistance Level 1, 2 at mga hindi nasasakop

Nursing Care Prevention / Livelihood Support Service Program

Mga nasasakop

- Mga itinakda bilang Nursing Assistance Level 1, 2
- Mga nasa 65 taong-gulang o pataas na itinakda bilang “nasasakop sa programa”
Ito ang mga itinakda o napagpasiyahan na nangangailangan ng nursing care prevention / livelihood support service program base sa general checklist na isinagawa ng Community Comprehensive Support Center.
* Dahil hindi pumapailalim sa mga nasasakop sa programa, ang mga miyembrong nasa 40 hanggang 64 taong-gulang (Category 2 members) ay kailangang maaprubahan para sa “Nursing Assistance Level 1, 2”.

Serbisyo

- Ito ay binabase sa copayment ratio ng gagamit ng serbisyo sa ilalim ng long-term care insurance system.

Nursing Care Prevention Visitation Service

Isinasagawa ng home helpers at “Kawasaki Livelihood Supporters” ang pagbisita sa mga tahanan upang makipagtulungan sa users sa mga gawaing bahay.

Nursing Care Prevention Commuting Service

Isinasagawa sa Day Service Center ang gymnastics, muscular strength training at iba pa upang mapanatili at mapabuti ang livelihood function pati pagpapaligo at pagpapakain.

Short-time nursing care prevention commuting service

Sa maikling oras, isinasagawa sa Day Service Center ang gymnastics, muscular strength training at iba pa upang mapanatili at mapabuti ang livelihood function pati pagpapaligo at pagpapakain.

General Preventive Care Programs

Nasasakop ang mga nasa 65 taong-gulang, mga nakikiisa o kaugnay sa mga gawaing nakatuon sa pagsuporta nito. Isinasagawa nito ang sumusunod na programa bilang tagapagtaguyod sa nursing care prevention sa loob ng komunidad.

(1) Nursing Care Prevention Promotion Awareness Program

Itinataguyod ang pagpapalawak sa halaga ng nursing care prevention sa pamamagitan ng mga pamphlets, health courses, lectures at iba pa ukol sa nursing care prevention upang himuking mamuhay ng independente o maging self-reliant.

(2) Community Nursing Care Prevention Activity Support Program

Isinasagawa ang pagsuporta sa nursing care prevention activities na nakapalibot sa mga residente ng komunidad at paghubog sa volunteers na sumusuporta sa nursing care prevention activities.

Iko Genki Plaza (Recreation and Revitalizing Plaza)

Ang mga ehersisyo sa pagpapalakas ng katawan mula sa mga dalubhasang specialized trainers na idinisenyo upang makatulong maiwasan ang pagkahulog gayundin ang mga maikling lecture sa nursing care prevention at pagpapanatili ng kalusugan ay ibinibigay isang beses sa isang linggo sa activity space ng bawat pasilidad ng Iko-no-le (Home of Recreation) at iba pang pasilidad. Ang anim na buwan na programang ito ay para sa mga residente ng siyudad ng Kawasaki na nasa 65 taong-gulang at pataas na nakarehistro sa Basic Resident's Register ng siyudad ng Kawasaki.

* Hindi maaaring sumali ang mga pasyenteng pinagbawalan ng doktor na mag-ehersisyo at mga nasa Nursing Care Level 1 hanggang 5.

Ano ang Community Comprehensive Support Center?

Tito ay isang local consultation center para sa mga taong may edad, kung saan ipinagkakaloob ng mga public health nurses, care managers, social workers at iba pang mga professionals ang kanilang consultation services ukol sa nursing care, welfare, kalusugan, mga pag-aalala sa pagpapagamot at iba pang mga paksa, na nagbibigay-daan para mamuhay ng independente ang mga residenteng may edad sa kanilang komunidad. (Ang bawat center ang nangangasiwa sa itinakdang local community.)

Mga pangunahing serbisyo

Comprehensive Consultation and Assistance, Human Rights Programs

Ipinagkakaloob ang pangkalahatang konsultasyon kalakip ang long-term care insurance, tulad na iba't-ibang support programs para iwasan ang pang-aabuso at iba pang mga paksang kaugnay sa karapatan ng tao o human rights.

Preventive Nursing Care Management

Upang maipagkaloob ang tamang serbisyo, gumagawa ng care plan at iba pa at kung kinakailangan ay kinukumpirma din ang lagay o kondisyon pagkatapos tanggapin ang serbisyo.

Comprehensive and Continuous Management

Ipinagkakaloob ang logistical support para sa care management upang magkaroon ng matiwasay at malusog na pamumuhay ang mga taong may edad sa kanilang komunidad.

Community Comprehensive Assistance Centers

(Area code: 044)

Ward	Pangalan	Numero ng telepono.	Numero ng FAX
Kawasaki-ku	Oju-En	287-2558	287-2577
	Koshun-En	211-6313	223-1240
	Daishi-no-Sato	266-9130	266-9131
	Shion	222-7792	222-7796
	Kyomachi	333-7920	333-7938
	Daishi Chuo	270-5112	287-5562
	Oshima Nakajima	329-1680	322-2553
	Fujisaki	201-8831	201-8834
Saiwai-ku	Viola Kawasaki	270-3215	270-5682
	Kofuen	556-4355	511-3511
	Yumemigasaki	580-4765	742-8040
	Kashimada	540-3222	540-3220
	Shangri-La	520-3863	520-3861
	Minna-to-Kurasu Machi	520-1905	520-1906
Nakahara-ku	Saiwai Higashi	555-1411	555-1412
	Sumiyoshi	455-0980	455-0883
	Kodanaka	798-2332	755-5656
	Hirama-no-Sato	544-4012	544-3961
	Miyauchi	740-2814	740-2816
	Ida	751-6661	751-6385
	Todoroki	281-3666	281-3616

Ward	Pangalan	Numero ng telepono.	Numero ng FAX
Takatsu-ku	Waraku	799-7951	799-7952
	Suenaga	861-5320	861-6194
	Hidamari-no-Sono	814-5637	814-5636
	Mizonokuchi	820-1133	822-0500
	Hisasue	797-6531	797-6540
	Ki-no-Oka	820-8401	820-8402
	Re-Care Mukaigaoka	865-6238	865-6239
Miyamae-ku	Mikado-So	777-5716	777-1193
	Washigamine	978-2724	976-6470
	Fujimi Plaza	740-2883	777-3239
	Restore Kawasaki	976-9590	976-9591
	Friend Shiboku	871-1180	877-2800
	Miyamaedaira	872-7144	852-3377
	Viola Miyazaki	948-5371	948-5372
Tama-ku	Nagasawa Soju-no-Sato	935-0086	935-0093
	Tamagawa-no-Sato	935-5531	935-3511
	Taiyo-no-Sono	959-1234	959-1233
	Suge-no-Sato	946-5514	946-3432
	Shukugawara	930-5151	930-5911
	Yomiuri Land Hana House	969-3116	969-3160
	Noborito	933-7055	933-7077
Asao-ku	Kakio Aruna-En	989-5403	988-9774
	Kurikidai	987-6505	380-7970
	Niji-no-Sato	986-4088	986-1027
	Katahira	986-4986	986-4987
	Yurigaoka	959-6522	712-0202
	Shinyuri	969-3388	969-0200
	Takaishi	959-6020	959-6021

*Sumangguni Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan o counter ng tagapangasiwa ng long-term care insurance sa District Health and Welfare Station (*Ang counter ng tagapangasiwa ng Long-Term Care Authorization and Benefits sa District Health and Welfare Station sa Distrito ng Daishi at Distrito ng Tajima ay lilipat sa Kawasaki Ward Office sa Enero 6, 2025.) para sa impormasyon ukol sa Community Comprehensive Support Center na sumasakop sa inyong komunidad.

Karapatan o Eligibility ng Dayuhang Miyembro ng Seguro

Ang mga dayuhang nasa 65 taong-gulang at pataas at nakarehistro bilang residente ng siyudad ng Kawasaki ay kailangan sumali sa Long-Term Care Insurance ng siyudad. Subalit, ang mga may status of residence na “Designated Activities” at nasasakop sa sumusunod na (a) at (b) ay hindi magiging miyembro ng Long-Term Care Insurance.

- (a) Mga indibidwal na pumapasok at nananatili sa bansa para sa layunin na magpatingin o tumanggap ng medical services, o pag-aalaga para sa araw-araw na pamumuhay ng taong magsasagawa ng nasabing aktibidad
- (b) Mayayamang indibidwal na tumutugon sa ilang kondisyon sa pag-aari at iba pa, at nananatili sa Japan nang hindi hihigit sa isang taon para sa layunin ng turismo at iba pa

Para sa mga may status of residence na “Designated Activities” na pumasok sa bansa at lumipat sa siyudad ng Kawasaki, ang mga sumusunod na dokumento ay kailangan ipakita sa Pension and Insurance Division ng Ward Office ng distritong kinabibilangan ng tirahan o sa tagapangasiwa ng Insurance and Annuity service counter ng Kumin Center Branch Office.

- Residence card
- “Itinalagang dokumento” na inisyu ng Immigration Services Agency (nakalakip sa passport)

● Para sa karagdagang impormasyon

(Area code: 044)

Punto ng inyong katanungan; Ward na sumasakop sa pook na tinitirahan	Long-term Care Insurance Premiums	Long-term Care Authorization	Long-term Care Services/Benefits	Iba pang mga serbisyon hindi sakop ng Long-term Care Insurance (Suporta para sa mga taong may edad)	Numero ng FAX
Kawasaki-ku	Kawasaki City Insurance Call Center 200-0783 Oras ng pagtanggap, mula Lunes hanggang Biyernes: 8:30 -17:15; sa ikalawa / ikaapat na Sabado: 8:30 - 12:30	201-3282	201-3282	201-3080	201-3291
Daishi-chiku		271-0152	271-0161	271-0157	271-0128*
Tajima-chiku		322-1990	322-1996	322-1986	322-1995*
Saiwai-ku		556-6655	556-6689	556-6619	555-3192
Nakahara-ku		744-3179	744-3136	744-3217	744-3345
Takatsu-ku		861-3263	861-3269	861-3255	861-3249
Miyamae-ku		856-3245	856-3238	856-3242	856-3163
Tama-ku		935-3185	935-3187	935-3266	935-3396
Asao-ku		965-5198	965-5146	965-5148	965-5206

*Pagkatapos ng Enero 6, 2025, magbabago ang FAX number para sa Distrito ng Daishi at Distrito ng Tajima, kaya mangayring kumpirmahin ang numero bago ito gamitin. Maaaring patuloy na gamitin ang numero ng telepono.

Kawasaki City Comprehensive Program	Ukol sa Nursing Care Prevention / Livelihood Support Service Program (Comprehensive Program)
Dedicated Navi Dial	0570-040-114 Lunes hanggang Biyernes: 8:30 -17:15

Aging Society Policy Department, Health and Welfare Bureau	Tungkol sa insurance premiums	Tungkol sa pag-apruba	Tungkol sa benepisyo
Long-term Care Insurance Section	200-2691	200-2455	200-2687

Health and Welfare Bureau	Ukol sa Community Comprehensive Support Center	Ukol sa Dementia / Pagprotekta sa karapatan
Community Care Promotion Office	200-2681	200-2470

Health & Welfare Bureau Health Center Medical Health Policy Division	Tagapangasiwa ng Health Promotion Division
Health Promotion Section Coordinator	200-2411

* "Kumusta Long-term Care Insurance (sa wikang Hapones, Ingles, Tsina, Koreano, Portuguese, Espanyol, Tagalog)
Website ng siyudad ng Kawasaki: <https://www.city.kawasaki.jp/350/page/0000049639.html>

* Maaaring tingnan sa Internet ang impormasyon ukol sa mga serbisyo kaugnay sa Long-term Care Insurance.
Pampublikong impormasyon ukol sa nursing service: <https://www.kaigokensaku.mhlw.go.jp>

* Maaaring tingnan sa Internet ang impormasyon ukol sa livelihood assistance service at iba pa sa siyudad ng Kawasaki.
Paglathala ng impormasyon ukol sa livelihood assistance service at iba pa sa siyudad ng Kawasaki: <https://kana.rakuraku.or.jp/kawasaki>



Long-term Care Insurance Section, Aging Society Policy Department,
Health and Welfare Bureau, Siyudad ng Kawasaki

Panahon ng Paglathala:
Hulyo 2024